Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-TATLUMPU'T TATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-19 NG SETYEMBRE, 2001 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
3. Kgg. RAUL P. AALA	- Kagawad
4. Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
5. Kgg. LAUDEMER A. CARTA	- Kagawad
6. Kgg. MARCELITO S. LASERNA	- Kagawad
7. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA	- Kagawad
8. Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
9. Kgg. ARTEMIO M. GOMEZ	- Kagawad
10. Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
11. Kgg. ARIES A. ALCABASA	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. 1094-2001

(Sa mungkahi ni Kgg. Factoriza na pinangalawahan
ni Kgg. Gomez)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGPAPATIBAY NG PANININGIL NG BUTAW (FEES) SA PAGHAHARAP NG KAHILINGAN SA MUNICIPAL CIVIL REGISTRAR NG PAGBABAGO/PAGTATAMA NG UNANG PANGALAN (FIRST NAME) AT PALAYAW (NICKNAME) SA PAGKAKAMALING KLERIKAL (CLERICAL) O SA PAGMAMAKINILYA (TYPOGRAPHICAL) O PAGBABAGO NG PANGALANG REHISTRADO SA LOCAL CIVIL REGISTRY OFFICE ALINSUNOD SA RULE 18 NG ADMINISTRATIVE ORDER No. 1, SERIES OF 2001.

YAYAMANG, ang Administrative Order No. 1, Series of 2001, ay siyang nagsisilbing patakaran at batas patnubayan ng Republic Act No. 9048 na siyang nagtadhana ng batas na nagpapahintulot sa City/Municipal Registrar at iba pang itinadhanang ahensiya na itama ang pagkakamaling clerical o sa pamamakinilya at pagbabago ng unang pangalan o palayaw na nakatala sa Talaang Sibil (Civil Registry);

YAYAMANG, sa itinatadhana ng Rule 18 ng nabanggit na Administrative Code na may kapangyarihan ang Municipal Civil Registrar na maningil ng butaw (fee) sa mga humihiling ng pagtatama at pagbabago;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA, alinsunod sa Rule 18 ng Administrative Code No. 1, Series of 2001 mula sa Office of the Civil Registrar ng pagsasakatuparan ng:

Seksiyon 1. Paningil ng sumusunod na BUTAW (fee)

(1) Filing Fee para sa pagtatama sa pagkakamaling Klerikal o pagkakamali sa pagmamakinilya - P1,000.00

(2) Filing Fee para sa pagbabago ng Unang Pangalan (first name) o Palayaw (nickname) - P3,000.00

(3) Service Fee para sa mga migrante o dayuhang humihiling ng pagtatama sa pagkakamaling Klerikal o pagkakamali sa pagmamakinilya - P 500.00

(4) Service Fee, para sa mga migrante o dayuhang humihiling ng pagbabago ng Unang Pangalan (first name) o Palayaw (nickname) - P1,000.00

Seksiyon 2. Para sa mahihirap (indigent) na HUMIHILING ay itinatadhanang walang bayad; na ang mahihirap na humihiling (indigent) ay iyong mga may pagpapatibay ng Pambayang Tanggapan ng Social Welfare and Development.

Seksiyon 3. Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay at mailathala o maipaskil ng labing limang (15) araw sa mga hayag na lugal.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinatotohanan:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Pang. Punong-bayan

Pinagtibay:

LEON C. ARCILLAS
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-33 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-19 ng Setyembre, 2001.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim